

Pansamantalang Patnubay: Diksiyonaryo ng mga Termino at Depinisyon ng 2019-nCoV

Napakamahalagang iulat nang wasto ang mga bilang ng mga kaso at kontak at ang mga impormasyon tungkol sa pagsubaybay (monitoring), kasama na ang mga pasyenteng iniimbestigahan kapag may biglang pagkalat ng sakit (outbreak). Ang pagsisiwalat ng hindi wastong bilang o nangangailangan ng pagtatama sa kalaunan ay nakababawas ng pagtitiwala sa mga awtoridad ng pampublikong kalusugan. Nakakatulong ang mahigpit na paggamit ng mga tamang termino at depinisyon ng mga kaso sa mga paglalahad sa publiko, press release, mga pampublikong pag-uulat ng bilang ng mga kaso, atbp. Hindi madaling maunawaan ang kahulugan ng ilang mga termino; at ang dokumentong ito ay naglalayong maging isang “cheat sheet” o kodigo na magagamit ninyo sa panahon ng biglang pagkalat (outbreak) ng nCoV. Maaaring mag-iba ang mga terminolohiya at depinisyon ng mga kaso — mangyaring paki-check ang mga update sa portal ng IDPH.

Termino	Depinisyon
2019-nCoV	2019 Novel Coronavirus, isang bagong virus na nagdudulot ng sakit sa paghinga, na natuklasan sa Wuhan, Probinsiya ng Hubei, China
Malapit na kontak	<p>Ang depinisyon ng malapit na kontak ay —</p> <p>a) may layo ng humigit-kumulang na anim na piye (6 feet) o 2 metro, o nasa loob ng isang kuwarto o lugar ng pangangalaga sa isang may-kaso ng nCoV sa loob ng matagal na oras nang hindi gumagamit ng inirerekomendang personal na gamit na proteksiyon o PPE (hal., mga gown, mga guwantes, isang-gamitang N95 respirator na sertipikado ng NIOSH, proteksiyon sa mga mata); Maibibilang sa malapit na kontak ang pangangalaga, pagsasama sa isang bahay, pagbisita, o pakikibahagi sa sa isang kuwarto o hintayang lugar sa isang indibidwal na may novel coronavirus,</p> <p>– o –</p> <p>b) pagkakaroon ng kontak sa mga nakakahawang inilalabas (secretion) ng isang may-kaso ng novel coronavirus (hal. naubuhan), habang hindi nakasuot ng inirerekomendang personal na gamit na proteksiyon.</p> <p>Susubaybayan ng mga lokal na kagawaran ng kalusugan ang mga nagkakaroon ng malapit na kontak. Titiyakin nila na ang mga sinusubaybayan ay tumutugon nang dalawang beses sa isang araw tungkol sa kanilang kalagayang pangkalusugan. Kung nakararanas ang mga ito ng lagnat o kahirapan sa paghinga, sila ay kikilalanin bilang PUI o iniimbestigahang tao.</p>

	Mahalaga: Ang mga may malapit na kontak na hindi tumutugma sa depinisyon ng kaso ng PUI (Taong Iniimbestigahan) ay hindi PUI.
Kumpirmadong kaso ng nCoV	<p>Ang isang taong nagkaroon ng resultang positibo sa test ng nCoV gamit ang isang test na inaprubahan ng mga awtoridad ng kalusugang pampubliko</p> <p>Mahalaga: 1) Sa kasalukuyan, sa CDC pa lamang isinasagawa ang test. 2) Hindi binibilang sa depinisyon ng kaso ng nCoV ang mga pasyenteng lumalabas na positibo sa test ng mga non-novel coronavirus sa panel ng sakit ng paghinga o iba pang mga paraan ng testing.</p>
Pagliban sa trabaho (furlough)	Pigilan ang mga tauhan sa pagpasok sa trabaho sa loob ng isang itinakdang panahon ng pagliban. Hindi papapasukin ang mga tauhang na-furlough sa loob ng 14 na araw.
Mga Tauhan ng Healthcare (HCP)	Lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga setting ng healthcare, binabayaran man o hindi, kabilang na ang mga nagtatasa (assess) ng mga pasyente sa triage, ang mga pumapasok sa mga kuwarto ng eksaminasyon, o sa kuwarto ng pasyente upang magbigay ng pangangalaga o maglinis at mag-disinfect ng kapaligiran, kumukuha ng mga sampol (specimen) na klinikal, humahawak ng mga nagamit nang kagamitang medikal, at nagkakaroon ng kontak sa mga ibabaw na maaaring na-contaminate ng virus.
Mataas ang panganib na nagkaroon ng kontak sa kumpirmadong mga kaso	Ituturing na may mataas na panganib na nagkaroon ng kontak sa kumpirmadong kaso ang mga tauhan ng health care na nag-alaga ng mga pasyenteng may kaso at hindi nagsuot ng tamang personal na proteksiyon. Susubaybayan ng LHD ang mga indibidwal na ito sa kanilang mga tirahan.
Mababang panganib na nagkaroon ng kontak sa kumpirmadong mga kaso	Ituturing na may mababang panganib na nagkaroon ng kontak ang mga tauhan ng health care na laging nagsusuot ng tamang personal na proteksiyon (PPE) kapag nagtatrabaho. Gagawin lamang ang pagsubaybay sa mga indibidwal na ito kung kailangan, batay sa mga rekomendasyon ng kagawaran ng pampublikong kalusugan.
Pasyenteng Iniimbestigahan (PUI) – may	Itinalaga ng CDC ang mga pamantayang (criteria) kailangang tumutugma sa mga nagbibiyahang upang ma-testing sila para sa nCoV:

<p>kinalaman sa pagbibiyaha</p>	<table border="1"> <thead> <tr> <th data-bbox="426 191 856 256">Clinical Features</th> <th data-bbox="856 191 1003 256">Plus</th> <th data-bbox="1003 191 1873 256">Epidemiologic Risk</th> </tr> </thead> </table>			Clinical Features	Plus	Epidemiologic Risk
Clinical Features	Plus	Epidemiologic Risk				
<p>Mga pasyenteng iniimbestigahan (PUI), mga kontak sa mga mga may-sakit na PUI</p>	<p>Nagtalaga ang CDC ng mga pamantayan na kailangang tumugma sa mga kontak bago i-testing ang kanilang sampol (specimen) para sa nCoV:</p>					
	<table border="1"> <thead> <tr> <th data-bbox="426 768 793 833">Mga Klinikal na Feature</th> <th data-bbox="793 768 1003 833">Dagdag</th> <th data-bbox="1003 768 1873 833">Panganib Kaugnay ng Epidemya</th> </tr> </thead> </table>			Mga Klinikal na Feature	Dagdag	Panganib Kaugnay ng Epidemya
Mga Klinikal na Feature	Dagdag	Panganib Kaugnay ng Epidemya				
	<p>Lagnat* AT mga sintomas ng sakit sa paghinga na mas mababa sa lalamunan (hal., ubo, kahirapan sa paghinga)</p>	<p>AT</p>	<p>Sa loob ng 14 na araw bago lumabas ang mga sintomas, nagkaroon ng malapit na kontak sa isang taong iniimbestigahan para sa 2019-nCoV habang ang taong iyon ay may-sakit.</p>			
	<p>Lagnat* O mga sintomas ng sakit sa paghinga na mas mababa sa</p>	<p>AT</p>	<p>Sa loob ng 14 na araw bago lumabas ang mga sintomas, nagkaroon ng malapit na kontak sa isang pasyenteng may 2019-nCoV na kumpirmado ng laboratoryo.</p>			

lalamunan (hal., ubo at kahirapan sa paghinga)

¹Maaaring walang lagnat ang ilang pasyente, gaya ng mga napakabata, matatanda, may kakulangan sa naturalesa, o umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat. Kailangang gamitin ang pagpapasiyang klinikal upang patnubyan ang testing ng mga pasyente sa ganitong mga sitwasyon.

Ang mga pasyenteng tumutugma sa mga pamantayan sa itaas ay tumutugma sa depinisyon ng kaso ng PUI at itinuturing ding mga PUI.

Makakakuha ng PUI form sa web portal ng IDPH upang makumpleto para sa mga pasyenteng tinatasa (evaluated) upang malaman kung tumutugma sila sa mga pamantayan PUI. Maaaring i-submit ang mga sampol (specimen) ng mga taong tumutugma sa pamantayan ng PUI para sa nCoV testing.

Mahalaga: Kung lumagpas na ang 14 na araw magmula noong huling pagkakahantad (exposure) sa nCoV (pagbibiyaha o kontak sa taong may nCoV), at walang sintomas ng nCoV na nangyari, o negatibo ang lahat ng resulta ng mga test sa laboratoryo pagkatapos ng 14 na araw ng pagsubaybay, tatanggalin ang taong ito sa listahan ng mga PUI na kasalukuyang sinusubaybayan. Ang mga PUI na nagiging positibo sa test ng nCoV habang sinusubaybayan ay tinuturing na kumpirmadong mga kaso.